

Impormasyon para sa publiko tungkol sa mga bakunang Corona:

Ang bakuna ay dumating na sa Israel, at isinasagawa ang isang malakihang operasyon upang maipamahagi ang bakuna. Ang bakuna ay ligtas! Ang mga bakuna/vaccine ay sumailalim sa mahigpit na pagsusuri at nakatanggap ng pag-apruba ng FDA- ang nangangasiwa ng gamot sa United States. Ang mga bansang Kanluranin tulad ng United Kingdom at Canada ay inaprubahan din ang bakunang Pfizer para magamit matapos ang independiyenteng pagsasagawa ng mga pagsubok at pagtuklas nito ang nasabing teknolohiya ay matagal na mga ilang taon na rin. Sa panahon ng pag sasagawa ng mga experimento tungkol sa vaccine mula sa ibat – ibang grupo ng mga tao ang sumailalim sa pagsasagawa ng test: mga kababaihan at mga kalalakihan mula sa ibat – ibang bansa at mula sa ibat- ibang edad, naninigarilyo at hindi mga naninigarilyo, mga tao na may background na mga sakit. {astma, diabetes, high blood pressure, jaundice, HIV, kidney patients and marami pang iba}.

Sa pagsasagawa ng pag eexperimento ng Pfizer 44,000 na katao ang sumailalim sa pagsasagawa ng experiment para sa vaccine, samantalang 30,000 naman na katao ang sumailalim sa pagsasagawa ng pag eexperimento ng kompanyang Moderna. Ayon sa pahayag ng FDA ng Amerika {food and drug Administration}, wala namang naiulat na seryosong side effect mula sa mga volunteers. Wala namang nakita na seryosong side effects ang naturang vaccine. Ang mga naiulat ng mga side effects ay tulad ng panandalihang iritasyon sa kung saang parte naturukan ng injection, Pagkaramdam ng pagod, sakit ng ulo, pananakit na kalamnan, panlalamig, sakit sa kasukasuhan or lagnat. Sa mga tao na nakatanggap ng vaccine kailangan na kumuha ng isang araw na bakasyon mula sa trabaho, or sa school pagkatapos maisagawa ang pangalawang dose ng vaccine. Maari na magkakaroon ng mga di kanais- nais na pakiramdam, na kung saan ay may positibong kahulugan. Maaring ito ay isang pag lago or pagpapatibay ng immune system ng katawan sa pagsisikap na harapin ang bakuna at limukha ng pangmatagalang kaligtasan sa sakit.

Hindi maaaring magkasakit sa pagtanggap ng bakuna dahil ang bakuna ay walang nilalaman na corona virus o bahagi nito. Gayundin, ang bakuna ay hindi nakakaapekto o nagbabago sa ating DNA. Sa puntong ito walang paraan upang malaman sigurado kung ang mga bakuna ay magdudulot ng pangmatagalang epekto, Dahil nagsimula ang mga klinikal na pagsubok noong Marso. Gayunpaman, mula sa nakaraang karanasan sa pagbuo ng mga bakuna, Ang mga epekto ay lilitaw halos malapit sa pag-iniksyon, o sa pinakabagong ilang linggo

pagkatapos matanggap ang bakuna. Mula nang magsimula ang mga pagsubok, walang ganitong mga epekto/ side effect ang naiulat sa libu-libong mga boluntaryo.

Ayon sa rekomendasyon ng Committee for Vaccines laban sa Corona, ang mga prinsipyong gumagabay sa pag-prioritize ng mga bakuna laban sa Corona ay ang mga sumusunod:

* Priority sa Kalusugan at Epidemiological *

* Kaligtasan * * pagiging simple * * Transverse * * flexibility *

* Daloy ng bakuna upang matiyak ang mabisa at mahusay na kaligtasan ng mga bakuna *

Mga priyoridad para sa Corona Vaccines:

1. Mga tauhang medikal:

- a. mga ospital
- b. Mga kupat cholim, pribadong klinika, mga klinika sa ngipin
- c. Mga ospital ng geriatric at psychiatric
- d. Mga mag-aaral sa pangangalaga at medikal sa mga klinikal at sangay nito
- e. MDA at mga organisasyong nagliligtas

2. Mga institusyon ng Magen Avot at mga institusyon ng kapakanan para sa mga sponsor - at mga tagapag-alaga/ caregivers nito

3. Edad 60 pataas - sa ilalim ng pangangasiwa ng kupat cholim

Bilang bahagi ng pagbabakuna, ang kakayahang umangkop ay dapat na gamitin at mabakunahan, halimbawa.

- a. Isang matandang tao sa pamayanan at tagapag-alaga o tagapag-assist
- b. Ang mga populasyon na may espesyal na peligro tulad ng mga transplant sa baga.

Pangalawang priyoridad:

Patuloy na pagbabakuna para sa mga pangkat na nasa peligro ang kalagayan tulad ng mga sumusunod: Diabetes, malubhang labis na timbang, COPD, hypertension, mga pasyente na may mga na-transplant na organo na nai-impeksyon ng immunosupresyon, mga pasyente na hematologic, atbp.

- a. Sa pangkat ng mga pasyente na may immunosuppression, ang pagbabakuna ng pamilya at pamilya ng mga pasyenteng ito ay dapat na isama sa prayoridad
- b. 2. Mga pangkat na may mataas na pagkakatulad or exposre tulad ng: mga guro at guro ng kindergarten, mga manggagawa sa lipunan, bilangguan, bilanggo at wardens.
- c. 3. Ang IDF at mga security body or kinatawan ay makakatanggap ng isang alokasyon alinsunod sa plano sa pagbabakuna na ipapatupad ng Ministry of Health

Bilang pag papatuloy: Pagbukas/ pag bibigay ng bakuna para sa pangkalahatang populasyon ay naayon sa pagdating ng mga bakuna at sa pagkakaroon nito ng sapat na pondo.

Hindi mababakunahan sa oras na ito:

In any case sa lahat na panahon , tiyakin hanggang sa matanggap ang bakuna, dapat mag-ingat panatilihin na sundin ang mga patakaran sa pag-iingat: mahalagang magsuot ng maskara sa bibig/ face mask at kahit sa paglabas ng bahay, panatilihin ang distansya na hindi bababa sa 2 metro sa pagitan ng bawat isa, iwasan ang pagsisiksikan, pag titipon tipon at madalas na maghugas ng kamay.